ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Espesyal na Isyu
Hunyo 1, 2015
www.philippinerevolution.net

## Muling inilalabas ang *Ang Bayan*

Pansamantalang nadiskaril ang paglalabas ng regular na isyu ng *Ang Bayan* (AB) mula Marso hanggang Mayo 2014. Ang tanging nailabas sa panahong ito ay ang espesyal na isyung Marso 29, 2014.

Ang *Ang Bayan* ay nagtamo ng pinsala matapos maging target ito ng operasyong panunupil ng rehimeng US-Aquino. Ang inilunsad na atake laban sa pahayagan ay bahagi ng desperadong tangkang busalan ang rebolusyonaryong mamamayan at patahimikin ang mga sigaw ng sambayanan para sa pagpapatalsik kay Aquino.

Sa pangunguna ng sentral na pamunuan ng Partido, kaagad na kinumpuni ang makinarya ng *AB* para sa lalong madaling panahon ay maipagpatuloy ang paglalathala nito. Ang muli nitong paglabas ay mahigpit na inaantabayanan ng mga kadre at kasapi ng Partido, mga kumander at mandirigma ng BHB, mga aktibista at baseng masa sa kalunsuran at kanayunan.

Sabik silang muling mabasa, marinig at mapanood ang mga pagsulong ng mga pakikibakang masa at armadong pakikibaka sa iba't ibang panig ng bansa. Nais nilang muling mabasa ang napapanahong mga pagsusuri sa mga isyu sa harap ng patuloy na lumalalang krisis ng lokal na sistemang malakolonyal at malapyudal gayundin

*"Ang Bayan..," sundan sa pahina 2*



# Magpunyagi para patalsikin ang rehimeng US-Aquino

Malayo pa ang eleksyong 2016 pero malaking ingay na ang nililikha ng mga reaksyunaryo sa paggigirian ng mga partido at kaliwa't kanang pagpapalipad-hangin ng mga balak kumandidato.

Tuwang-tuwa si Benigno Aquino III sa ingay na nililikha ng eleksyon. Ginagamit ng kanyang pangkatin ang adelantadong ingay na ito upang lumikha ng mga drama sa pulitika na aaliw sa publiko at susubaybayan nila, at ilihis ang atensyon ng sambayanan mula sa malalaking isyung kinakaharap ng kanyang rehimen.

Hinehele si Aquino ng ingay ng eleksyon. Tinatabunan nito ang bangungot niyang nabulilyasong operasyon ng PNP sa Mamasapano na naglantad sa panghihimasok ng militar ng US at sa kanyang katrayduran at kriminal na pananagutan at nagpasiklab ng malawakang galit at kaliwa't kanang panawagan para sa kanyang pagbibitiw.

Mas gusto rin ng imperyalismong US na maging abala ang mga magkaribal na pulitiko sa darating na eleksyon kaysa sumanib sila sa mga sigaw para patalsikin si Aquino. Batid nitong anumang pagpapalit-rehimen sa pamamagitan ng makapangyarihang kilusang masa at malapad na nagkakaisang prenteng pinamumunuan ng Partido ay magpapahina sa naghaharing sistema at magsisilbi sa pagpapalakas ng mga pwersang progresibo at rebolusyonaryo.

*"Magpunyagi...," sundan sa pahina 2*

"Ang Bayan...," mula pahina 1

ng pandaigdigang sistemang kapitalista. Hinihintay nila ang mga panawagan ng Partido upang sabay-sabay na makapagmartsa pasulong ang buong sambayanan sa kanilang pambansa-demokratikong pakikibaka.



Ang muling mapasimulan ang regular na paglalathala ng *Ang Bayan* ay dagok sa reaksyunaryong estado. Determinado ang Partido na pangibabawan at biguin ang kampanyang panunupil ng kaaway.

Ang isyung itong Hunyo 2015 ay transisyon patungo sa muling dalawa-kada-buwan na paglalabas ng *AB.* Nananawagan ang patnugutan na ibayong palakasin ang sistema ng pagpapadala ng mga artikulo, balita at iba pang impormasyon para sa paglalathala.

Ang lahat ng kinauukulang namumunong komite ng Partido ay abala sa pagbubuo ng kawanihan ng *AB* sa mga rehiyon, sektor at iba pang linya ng gawain para palakasin ang pambansang makinarya. Inaasahan ang lahat ng sangay at mga kasapi ng Partido na tumulong sa pagsisikap na ito sa pamamagitan ng regular at mabilis na pag-uulat ng kanilang mga karanasan sa araw- araw na pagsusulong ng rebolusyon.

Sa muling paglalathala ng *AB*, dapat tiyakin ng mga namumunong organo ng Partido na sapat na napararami at naipamamahagi ito upang mabasa ng lahat ng kasapi ng Partido, mga yunit ng hukbong bayan at ng baseng masa.

Bukod sa mga umiiral na mga paraan ng sentralisadong pagpaparami, buuin din ang mga plano para sa pagpapakilos ng mga seksyon at sangay, pati na ang mga rebolusyonaryong organisasyong masa, para sa pagpaparami at pamamahagi ng *AB.* Ituro sa lahat ang mga paraan kung papaano makukuha ang pinakabagong isyu at bidyo ng *AB* sa internet sa pamamagitan ng *cellphone.*

Dapat palakasin ang paggamit sa *Ang Bayan* bilang instrumento para sa pagpapatatag, pagpapalawak at pagpapakilos sa buong kasapian ng Partido. Tiyaking naililimbag ito kada dalawang linggo at kolektibong natatalakay ng mga sangay ng Partido at mga organisasyong masa. **AB**

"Magpunyagi...," mula pahina 1

Dapat matatag na kumilos ang sambayanang Pilipino at ang kanilang mga pwersang progresibo at demokratiko para labanan ang mga tangka ni Aquino na gamitin ang ingay ng eleksyon para tabunan ang kanilang mga hinaing.

Dapat hamunin ang mga pulitikong nag-iingay sa pagkakandidato na huwag manahimik sa mahahalagang isyung pambayan tulad ng papatinding panghihimasok ng mga tropang Amerikano sa bansa, laban sa Enhanced Defense Cooperation Agreement at Visiting Forces Agreement, para sa hinihinging pagbabalik at pagtataas sa minimum na sahod, pagbabawal sa lahat ng anyo ng kontraktwalisasyon, laban sa pang-aagaw ng lupa, para sa tunay na reporma sa lupa, pambansang industriyalisasyon at pagsusulong ng negosasyon sa NDFP para sa matagalan at makatarungang kapayapaan.

Dapat bantayan at labanan ng sambayanang Pilipino ang pagtatangka ni Aquino na palawigin ang poder sa pamamagitan ng pagluluklok ng kapanalig nito sa pulitika na magtatanggol sa kanya sa pagharap nito sa kaliwa't kanang mga kasong tiyak na isasampa ng sambayanang Pilipino.

Dapat patuloy na ituon ng sambayanan ang kanilang pansin sa pagsusulong ng kanilang mga pakikibaka sa harap ng tumitinding pagpapahirap at pang-aapi sa masang anakpawis. Dapat patuloy nilang paalingawngawin ang sigaw para patalsikin si Aquino sa poder at panagutin ito sa kanyang labis na pagpapakapapet, pagpapabaya, korapsyon, panunupil at panlilinlang. Hindi nila ito dapat lubayan kahit isang saglit.

Ang okasyon ng "state of the nation address" (SONA) ni Aquino sa pagbubukas ng kong-

ANG Bayan

Espesyal na Isyu | Hunyo 1, 2015

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Hiligaynon, Waray at Ingles. Maaari itong i-*download* mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

*www.philippinerevolution.net*

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

## Nilalaman

**Editoryal:** Magpunyagi sa pagpapatalsik kay Aquino 1
Muling inilalabas ang *Ang Bayan* 1
Mga manggagawa sa Tanduay, nagwelga 3
Pambansng minimum, ipinaglalaban 4
Pribatisasyon ng serbisyong medikal 5
Kilusan laban sa pagtaas ng matrikula 5
Anibersaryo ng NDFP, ginunita 6
Hindi sinsero si Aquino sa usapan–JMS 6
Oplan Bayanihan, bigo sa Mindanao 7
500 sumampa sa NEMR 8
Upisyal ng BJMP, pinalaya sa Surigao 8
88 armas, nasamsam sa SMR 9
Opensiba sa F21, binigo sa NEMR 10
5 aksyong militar sa loob ng 3 araw 11
Mga tagumpay ng BHB sa EV 12
Mina sa Ilocos Sur, nireyd ng BHB 13
PDT, binigwasan sa Masbate 14
Opensiba kontra-PDT sa Bicol 14
Anim na sundalo, sugatan sa Quezon 14
5 baril, nasamsam sa Bulacan 14
Konsultant ng NDFP, inaresto 15
Pang-aabuso laban sa sibilyan, tumitindi 16
IPT, isasagawa sa Hulyo 17

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

reso sa Hulyo ay dapat na salubungin ng pinakamalaking demonstrasyon sa ilalim ng kanyang paghahari. Dapat itong magsilbing araw ng pagtutuos upang ipakita na isang malaking sakuna para sa sambayanan ang limang taon panunungkulan ng kanyang rehimen.

Puspusang isulong ang interes ng iba't ibang demokratikong sektor sa harap ng walang rendang pagtupad ni Aquino ng mga patakarang neoliberal at pagsunod sa mga dikta ng US at mga dayuhang malalaking kapitalista. Isulong ang mga pambansang koordinadong mga pakikibaka ng masang magsasaka, manggagawa, kawani, maralita, estudyante at kabataan.

Dapat pag-ibayuhin ang pagsisikap na buklurin ang mamamayang Pilipino para puspusang ipaglaban ang pagbabalik at pagtataas ng pambansang minimum na sahod. Sa pangunguna ng mga kabataan-estudyante, dapat din nilang labanan ang pagtataas ng matrikula at iba't ibang singilin sa mga paaralan, labanan ang anti-mamamayan at makadayuhang programang K-12 at ang patakaran ng komersyalisasyon sa edukasyon.

Batikusin ang planong pulong sa Pilipinas ng APEC sa Nobyembre na gagamitin para ibayong itulak ang mga patakarang neoliberal. Magbantay sa planong pagtutulak ng "cha-cha" (*charter change* o pagbabago sa konstitusyon) upang alisin ang iilang probisyong nangangalaga sa lokal na kapital at patrimonya ng bansa at nagbabawal sa pagtatayo ng dayuhang mga pasilidad militar.

Dapat patuloy na labanan at ganap na biguin ang kontra-mamamayang digmang Oplan Bayanihan at pag-ibayuhin ang paglulunsad ng mga taktikal na opensiba ng Bagong Hukbong Bayan.


Dapat patuloy na magsikhay na patalsikin si Aquino sa poder kahit abala na sa eleksyon ang buong naghaharing sistemang pampulitika. Habang si Aquino ay nasa Malacañang, dapat magpunyagi ang kilusan ng sambayanan para patalsikin siya hanggang sa mismong araw ng eleksyon. AB

---

## Kontraktwal na mga manggagawa sa Tanduay, nagwelga

Nagwelga simula Mayo 18 ang mga manggagawa ng Tanduay Distillers Inc. sa Cabuyao, Laguna. Ang welga ay pinamunuan ng Tanggulan Ugnayang Daluyang Lakas ng Anakpawis sa Tanduay Distillers Inc. (TUDLA), ang samahan ng 397 manggagawang pawang kontraktwal na bumubuo ng 90% ng pwersang paggawa sa pabrika.

Pangunahing sigaw ng TUDLA na gawing regular ang lahat ng mga kontraktwal sa Tanduay, laluna yaong lima hanggang 11 taon nang nagtatrabaho sa pabrika. Iginigiit ng TUDLA na labag sa batas ang pangongontrata ng mga manggagawa sa mga trabahong sentral at mahalaga sa produksyon sa pabrika. Kadalasang pinagtatrabaho ang mga manggagagwa ng 12 oras, at may mga pagkakataong umaabot pa ng 15 oras. Wala sa minimum ang sahod nila kada araw.




Idineklara ng kumpanya na *self-employed* ang mga manggagawa kaya mas mababa ang nakukuha nilang mga benepisyo mula sa SSS at Philhealth kumpara sa kapareho nila sahurang manggagawa. Nang ireklamo ito ng TUDLA sa Department of Labor & Employment, idineklarang "ligal" ang pangongontrata ng Tanduay.

Noong unang araw ng welga, binomba ng tubig at hinagisan ng basag na bote at malalaking bato ang mga welgista. Nagpasok din ng tatlong trak ng eskirol ang maneydsment sa tarangkahan ng katabing kumpanyang Asia Brewery na kaharap ang South Luzon Expressway. Samantala, sumuporta naman ang mga manggagawa mula sa mga kalapit-pabrika, kabilang na ang mga manggagawa ng Coca-Cola na nagtagumpay noong 2013 sa kanilang welga para ipaglaban ang regularisasyon ng mga kontraktwal.

Ang Tanduay Distillers Inc. ay kabilang sa mga pag-aari ni Lucio Tan. Sa mga pabrika nito ginagawa ang mga alak na Tanduay Rhum, Gin Kapitan at Compañero. Si Tan, ikalawang pinakamayamang bilyonaryong Pilipino na nakalista sa magasing Forbes, ang may-ari din ng Asia Brewery. Kabilang sa ibang pag-aari niya ay ang Philippine Airlines, Philippine National Bank at Allied Bank.

Tinatayang nasa P12.8 bilyon ang netong benta ng Tanduay noong 2013. Kung ikukumpara sa P314 arawang sahod sa 400 manggagawa, lalabas na sa bawat pisong kinikita ng kumpanya, sangkatlo lamang ng bawat sentimo (P0.0033) ang napupunta sa sahod.

Tinaya ng Liga ng mga Manggagawa Para sa Regular na Hanapbuhay na 70% hanggang 80% ng mga manggagawa sa Southern Tagalog ay mga kontraktwal. AB

Sigaw sa Mayo 1

# Pambansang minimum na sahod, ipaglaban!

Libu-libong manggagawa ang dumagsa sa lansangan noong Mayo 1 para ipanawagang ibalik at itaas ang pambansang minimum na sahod at isigaw ang pagbibitiw ni Benigno Aquino III. Ang Mayo 1 ay taun-taong ginugunita bilang Pandaigdigang Araw ng Manggagawa.

Tema ng mga pagkilos sa iba't ibang bahagi ng bansa ang “Tuta ng Kano, Pahamak sa Pilipino, Pahirap sa Obrero: Patalsikin ang Rehimeng US-Aquino!." Sa Maynila, umaabot sa 20,000 manggagawa ang nagtipon sa Liwasang Bonifacio at nagtungo sa Mendiola.

Kabilang sa mga nanguna sa rali ang alyansang Sobra na! Sigaw ng Obrero: Resign Aquino Now!, isang alyansa ng mga organisasyong manggagawa na kinabibilangan ng Kilusang Mayo Uno, Federation of Free Workers, National Labor Union, Philippine Association of Labor Unions, Alliance of Filipino Workers at Young Christian Workers.

Tampok ang paglahok sa rali ni Celia Veloso, ina ng migranteng si Mary Joy. Biktima si Mary Joy ng mga sindikatong kriminal at noo'y nakakulong at nakatakdang bitayin sa Indonesia. Binatikos ni Veloso ang kainutilan ng rehimeng Aquino at nagpasalamat sa grupong Migrante International na silang humarap sa presidente ng Indonesia at pansamantalang naipagpaliban ang pagbitay.

Kalahok sa pagkilos ang All Workers Unity, isang kalipunan ng mga samahan ng manggagawa sa pampubliko at pribadong empresa na nagkakaisa para igiit ang pagbabalik ng pambansang minimum na sahod at pagtatakda nito sa P16,000 kada buwan. Ang P16,000 kada buwan ay tinatayang kalahati ng *family living wage* na kailangan para matustusan ang pinakabatayang pangangailangan ng karaniwang-laking pamilyang may hanggang apat na anak.

Kung ikukumpara sa kasalukuyang minimum na sahod na P466/araw sa Metro Manila, ang hinihinging P16,000 kada buwan ay katumbas ng P150 dagdag sa arawang sahod. Ito rin ay P7,000 dagdag sa kasalukuyang P9,000 na minimum na buwanang sahod para sa mga nagtatrabaho sa pamahalaan sa National Capital Region.

Binabatikos ng mga manggagawa ang sistema sa ilalim ng Wage Rationalization Law ng 1989 na nagbunga ng 1,000 iba't ibang antas ng pasahod sa iba't ibang rehiyon ng bansa.

Napakababa na nga, marami sa mga manggagawa ang sumasahod nang wala pa sa minimum. Ayon mismo sa sarbey ng National Statistics Office noong 2011, 46% ng mga manggagawa o 9.8 milyon ang tumatanggap ng mas mababa pa sa minimum na sahod. Karamihan sa mga ito ay mga manggagawang kontraktwal.

### Kapabayaan sa Kentex

Samantala, nakiramay ang Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) sa pamilya ng 72 manggagawang namatay sa Kentex, isang pabrika ng tsinelas sa Valenzuela na nasunog noong Mayo 13. Sinusuportahan ng PKP ang panawagan ng mga manggagawa para sa katarungan, lalo na sa kriminal na kapabayaan ng kapitalistang may-ari ng pagawaan at ng mga ahensya ng estado na nagdulot ng naturang sakuna.

Kinundena rin ng PKP ang mapagsamantala at mapang-aping sistema sa pabrika, kabilang ang kontraktwalisasyon at ang por-pirasong sistemang pasahod. Karaniwang tumatanggap ang mga manggagawa ng Kentex ng P275 hanggang P300 kada araw, malayong mababa sa P466 na minimum na itinatakda ng batas at sa P1,100 kada araw na disenteng sahod.


Pinalala pa ang kaayusang ito ng programang "one-stop shop" at iba pang neoliberal na mga patakaran ng rehimeng Aquino na nagluluwag sa maraming regulasyong pangkaligtasan at naglalagay sa peligro sa mga manggagawa pabor sa malalaking kapitalista.

### Tagumpay ng mga manggagawa sa Sumifru

Matagumpay na nilabanan nitong Abril ng mga manggagawa ng Sumifru Corporation sa Compostela, Compostela Valley ang pagpapatupad ng sistemang por-piraso o pakyaw. Ang gayong sistema ay magpapaliit ng kanilang sahod tungong P2,700 mula P4,380 para sa sampung araw na paggawa. Kadalasan pinag-oobertaym ang mga manggagawa ng mula apat hanggang walong oras kada araw para maabot ang kota.

Pinangunahan ng Nagkahiusang Mamumuo sa Suyapa Farm (United Workers of Suyapa Farm) ang paglaban. Dalawang araw na nagwelga at nagrali ang 5,000 manggagawa sa Davao City noong Abril 10.

Ang Sumifru ay kumpanyang Japanese at subsidyaryo ng Sumitomo Fruit Corporation. Nageeksport ang Sumifru ng saging sa China, Japan, Korea, Middle East, New Zealand at Russia. AB



# Pribatisasyon ng serbisyong medikal, binatikos

Nagmartsa noong Abril 17 patungo sa Welcome Rotonda sa Quezon City ang mga kasapi ng Alliance of Health Workers (AHW) upang suportahan ang pakikibaka ng mga empleyado ng Philippine Orthopedic Center (POC) na matatanggal sa trabaho dulot ng pribatisasyon. Noong 2014, iginawad na ng rehimeng US-Aquino sa malaking kumprador na si Henry Sy ang pag-aari sa POC sa ilalim ng programang Public-Private-Partnership sa ngalan ng "modernisasyon" ng mga pasilidad sa ospital.

Nanawagan ang AHW na patuloy na labanan ang pribatisasyon ng pampublikong serbisyong medikal. Tinukoy nito kung papaano nahadlangan ng protesta ang planong pagsasapribado ng West Visayas State University Medical Center noong 2011. Ang panukalang isapribado ito ay inihain noon ng dating Kongresista at ngayon ay Health Secretary na si Janet Garin.

Tinukoy din ng AHW ang problema ng kontraktwalisasyon at sistemang "boluntaryo" sa Quirino Provincial Medical Center. Nasa 30 lamang ang regular na empleyado. Pawang kontraktwal ang kalakhan ng mga empleyado nito sa loob ng kalahating dekada. Malala pa, kailangan munang boluntaryong magtrabaho ng dalawang taon bago maging kontraktwal na empleyado. Ang mga "boluntir" ay walang sweldo kahit na pareho ang ginagawa nila sa regular na mga empleyado. Ang mga kontraktwal naman ay tumatanggap ng P6,000 lamang kada buwan.

Ipinaglalaban ng AHW ang minimum na pasahod na P25,000 para sa bagong pasok na nars kapwa sa pribado at pampublikong ospital. AB

# Sumusulong ang kilusan laban sa pagtaas ng matrikula at OSF

Mula Marso hanggang Mayo, sunud-sunod na mga rali sa iba't ibang paaralan at lansangan ang inilunsad ng libu-libong estudyante bumubuo ng alyansang Rise for Education! (R4E) para tutulan ang muli na namang pagtaas ng matrikula at iba pang bayarin. Mahigit 313 pribadong eskwelahan ang pinahintulutan ng Commission on Higher Education (CHEd) na magtaas nang abereyds na 7% o P67-135 kada yunit sa pasukan sa Hunyo.

Sa nakaraang limang taon, nasa 10-15% ang taunang pagtaas ng matrikula sa mga pribadong paaralan. Sa gayon, tumaas nang hanggang P18,000 ang matrikula kada semestre sa ilalim ng rehimeng US-Aquino.

Kasabay nito, tinuligsa ng mga estudyante ang pagtaas ng OSF o "other school fees"—ang iba't ibang bayaring ipinapataw ng mga pribado at pampublikong paaralan na walang pakinabang sa mga estudyante. Ilang halimbawa nito ang "cultural fee"; "athletic fee"; "internet fee" at, sa isang paaralan, "lifelong relations fee" (singil para makuha diumano ang pribilehiyong "angkinin" ang eskwelahan habambuhay.)

Sa maraming kaso, mas mataas pa ang sinisingil na OSF kumpara sa matrikula. Isang halimbawa nito ang kalakaran sa Polytechnic University of the Philippines (PUP), isa sa pinakamalaking pampublikong unibersidad sa bansa. Sa nakaraang ilang dekada, nakapako sa P12/yunit ang matrikula sa PUP habang tuluy-tuloy ang pagtaas ng OSF. Noong 2010-2013, nakalikom ang PUP ng P710 milyon mula sa OSF habang P459 milyon ang nalikom nito mula sa matrikula. Tinatayang umaabot sa P13.5 bilyon ang nalilikom na kita ng mga eskwelahan bawat taon. Walang regulasyon ang buong sistema ng OSF kaya libreng-libre ang mga paaralan na magpataw ng kung anu-anong bayarin.

Noon ding Marso, nagtungo sa upisina ng CHEd ang mga estudyante para iparating ang kanilang galit sa mga patakaran sa edukasyon matapos ng pagpapakamatay ni Rossana Sanfuego, isang estudyante sa Cagayan State University (CSU). Nagpakamatay si Sanfuego, 16, noong Pebrero 27 matapos siya pagbawalang kumuha ng eksam dulot ng kabiguan niyang magbayad ng OSF. Umaabot sa P4,000 ang sinisingil ng CSU na OSF bawat estudyante.

### Paglabag sa karapatan ng mga estudyante

Naghapag ng reklamo sa Commission on Human Rights ang mga kasapi ng College Editors Guild of the Philippines (CEGP) para ipatigil ang mga paglabag sa karapatan sa pamamahayag at iba pang karapatang pang-estudyante sa iba't ibang kampus. Mula Mayo 2014 hanggang Pebrero 2015, nagtala ang CEGP ng di bababa sa 500 kaso ng paglabag sa karapatan sa pamamahayag, karamihan laban sa mga publikasyong aktibong tumutuligsa at tumututol sa mga pagtaas ng matrikula at OSF.


Kabilang sa inihapag ng CEGP ang kaso ng mga estudyanteng mamamahayag ng *UP Vista*, pahayagan ng University of the Philippines-Tacloban, na binansagan ng AFP na mga myembro ng Bagong Hukbong Bayan (BHB). Inihapag din ng CEGP ang mga kaso ng paglabag sa karapatan ng mga estudyante para sa mapayapang pagtitipon at pagpapahayag ng kanilang mga hinaing kaugnay sa mga isyung pambansa. Isa rito ang kaso ng mga mag-aaral sa National Teachers College na binantaang sisipain sa kolehiyo dahil sa kanilang paglulunsad ng kilos-protesta laban sa pagtaas ng matrikula noong Pebrero. AB

# Ika-42 anibersaryo ng NDFP, ginunita

Nagtipon-tipon ang mga kinatawan, kasapi at tagasuporta ng mga rebolusyonaryong organisasyong bumubuo ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) sa Bahay Alumni sa University of the Philippines-Diliman sa Quezon City noong April 25 upang ipagdiwang ang ika-42 anibersaryo ng pagtatatag nito. Itinatag ang NDFP noong Abril 24, 1973.

Nagsimula ang pagdiriwang sa pamamagitan ng parada ng mga bandila ng mga organisasyon ng NDFP. Sinundan ito ng pagbabasa ng mensahe mula kay Ka Mariano Orosa, Tagapangulo ng NDFP National Council kung saan pinapurihan niya ang mga bahagi ng nasabing pagdiriwang.

Nagtalumpati rin sina Ka Luis Jaladoni tungkol sa pagbubuo sa NDFP, at sa kasalukuyan nitong komposisyon at kalagayan. Binigyang-diin niya ang katayuang nakikidigma ng NDFP at ang pagkakaroon ng dalawang gubyerno sa Pilipinas. Ipinahayag din niya ang pormal na pagkakapaloob ng grupong Compatriots—ang lihim na organisasyon ng mga migranteng Pilipino—bilang alyadong organisasyon ng NDFP. Bago ang programa, isinapubliko ang bagong aklat tungkol sa buhay at pakikibaka ni Ka Louie, ang "Louie Jalandoni, Revolutionary: An Illustrated Biography."



Binaybay naman ni Ka Coni Ledesma, kasapi ng NDFP Peace Negotiating Panel at internasyonal na tagapagsalita ng MAKIBAKA, ang kasalukuyang kalagayan ng usapang pangkapayapaan sa pagitan ng NDFP at Gubyerno ng Republika ng Pilipinas.

Bukod sa mga nabanggit na talumpati, binasa rin sa programa ang mga mensahe nina Ka Benito Tiamzon at Ka Wilma Austria-Tiamzon at mga mensahe mula kina Ka Alan Jazmines at Ka Tirso Alcantara, mga konsultant ng NDFP na iligal na ikinulong sa Camp Bagong Diwa sa Bicutan, Taguig. Nagpadala ng mensahe sa bidyo si Ka Jose Maria Sison, Tagapangulong Tagapagtatag ng Partido Komunista ng Pilipinas at NDFP Political Consultant, gayundin din si Ka Oris, tagapagsalita ng NDF-Mindanao.

Nagbigay ng pagtatanghal ang mga grupong pangkultura tulad ng Musikang Bayan, Artist Inc, Sinagbayan at People's Chorale. Nagtanghal ng awit-dula sina Nuki Calubid at Aya Santos, mga anak ng mga konsultant na sina Prudencio Calubid at Leo Velasco na parehong dinukot ng mga pwersa ng estado noong 2007 at hanggang ngayon ay hindi pa inililitaw.

Isang araw bago ng pagdiriwang, isang raling-iglap ang inilunsad sa Cubao, Quezon City na nagdiriwang sa anibersaryo ng NDFP. Ipinalabas sa programa ang bidyo ng raling iglap na ikinalugod ng mga nagsidalo. AB

## Walang sinseridad si Aquino sa *peacetalks*— JMS

Binatikos ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) si Benigno Aquino III sa "pagnanais na ipataw sa NDFP ang makaisang panig niyang mga pananaw" na sumisira sa pagsisikap na muling buksan ang negosasyon ng GPH-NDFP.

"Walang sinseridad sa usapang pangkapayapaan si Aquino," ani Prof. Jose Ma. Sison, punong konsultant ng NDFP *peace panel.* "Walanghabas niyang nilabag ang umiiral na mga kasunduan."

"Nahihibang siya kung inaakala niyang mapapasangayon niya (ang NDFP) sa kasunduan ng walang-taning na tigil-putukan nang hindi tumatalima sa mga nabanggit na umiiral na kasunduan (JASIG at The Hague Declaration) at ang Comprehensive Agreement on Social and Economic Reforms."

Binatikos ni Sison ang pagpayag ni Aquino na maglabas ng mandamyento de aresto laban sa mga konsultant ng NDFP kaugnay ng walang batayan at huwad na kaso ng Hilongos. Aniya'y ipinakikita niya ang kanyang "kataksilan, kasakiman at walang hanggang kalupitan".

"Tila gustung-gusto (ni Aquino) na maalaala sa kasaysayan sa kalupitang maihahambing kay Marcos at Arroyo sa pag-iipon ng mga bilanggong pulitikal at pagpapahintulot sa militar, pulis at paramilitar na gawin ang mga pagdukot, pagtortyur, maramihang pagpapabakwit, demolisyon ng mga bahay at pag-agaw ng lupa..." AB

# Oplan Bayanihan, bigo sa Mindanao


Tuluy-tuloy na binibigo ng Bagong Hukbong Bayan at rebolusyonaryong mamamayan sa Mindanao ang kontra-rebolusyonaryong digmang Oplan Bayanihan ng rehimeng US-Aquino.

Buong giting na hinarap at binigo ng BHB sa isla ang pinaigting na mga opensiba ng AFP simula maagang bahagi ng 2014. Kaakibat ng pagsusulong ng rebolusyong agraryo at pagpapalakas ng baseng masa, tuluy-tuloy na nakapagpalakas at nakapagpalawak ang BHB sa kabuuan ng isla.

### Pinalaking opensiba at kalupitan ng AFP noong 2014

Desperado ang AFP at reaksyunaryong estado na gapiin ang BHB sa Mindanao, partikular na sa tatlong rehiyon ng Northeast Mindanao, North Central Mindanao at Southern Mindanao. Naghahambog ang AFP na kung magagapi nila ang BHB sa mga rehiyong ito, mapapaatras nila ang BHB sa buong bansa.

Simula maagang bahagi ng 2014, pinalaki ng AFP ang bilang ng mga nakapakat nitong pwersa sa Mindanao. Mula 50 batalyon noong tinapos ang Oplan Bantay Laya noong 2010, umaabot na sa mahigit 70 batalyong pangkombat ang nakapakat ngayon sa isla, kabilang ang mga batalyong pangmaniobra at pang-teritoryo sa ilalim ng 1st ID, 6th ID, 4th ID at 10th ID at dinagdagan pa ng anim na batalyon mula sa mga dibisyon na nakabase sa Luzon at Visayas; at mga batalyon sa ilalim ng Scout Rangers, Special Forces, Light Reaction Forces at Marines.



Mas malaki, malawak at matagal ang mga kampanya ng "pagkubkob at paglipol" at mga *strike operation* na nakapokus sa mga dugtungan ng mga rehiyon, subrehiyon at larangan. Eastern Mindanao Command ang pangunahing kumukumpas at nagpapakilos ng katumbas ng tatlong dibisyong ipinapakat sa mga kampanya at operasyong militar. Aktibong sinusuportahan ng militar ng US ang mga operasyong ito kabilang ang madalas na pagpapalipad ng mga *drone* para sa paniktik.

Nagdulot ng malawakang pinsala ang pinalaking mga operasyong militar ng AFP laban sa mamamayan. Ang mga operasyong saywar sa ngalan ng "community organizing for peace and development" ay naghatid ng malaking perwisyo sa masa. Kaliwa't kanan ang paglabag sa mga karapatang-tao at internasyunal na alituntunin sa digma.

Binubulabog ang katahimikan at kaayusan sa komunidad sa paggamit ng mga pasistang sundalo sa mga eskwelahan, *day-care center, barangay hall* at iba pang istrukturang sibilyan bilang kanilang mga baraks. Inarmasan at ginamit ng AFP ang mga grupong paramilitar tulad ng Bagani Force, Alamara, Lumadnong Pakigbisog sa CARAGA (Lupaca), San Fernando Matigsalug Tribal Datus (Sanmatidra), Bungkatol Liberation Front (BULIF), New Indigenous People's Army for Reform (NIPAR), Salakawan (Wild Dogs) at iba pa para maghasik ng takot at gulo.

Gumagamit ang AFP ng malalakas na kanyon at pambobomba mula sa himpapawid laban sa mga sibilyang komunidad. Nitong 2014, ang mga magsasaka sa mahigit 40 komunidad ay napilitang lumikas dahil sa matinding militarisasyon.

### Pagbigo ng BHB at masa sa Oplan Bayanihan sa pamumuno ng Partido

Ayon kay Kasamang Oris, tagapagsalita ng National Democratic Front (NDF) sa Mindanao, napanatili ng BHB ang igting ng pakikidigmang gerilya sa paglulunsad nito ng mahigit 400 mga taktikal na opensiba laban sa mga yunit ng AFP, PNP at ang binubuo nitong mga grupong paramilitar. Halos katulad na bilang ng mga opensiba ang nailunsad ng BHB sa Mindanao noong 2013. Dumarami ang mga taktikal na opensiba na inilulunsad ng mga yunit ng milisyang bayan at mga kwerpo sa pagtatanggol sa sarili kasabay o hiwalay sa mga opensiba ng mga regular na yunit ng BHB.

Tinukoy ni Ka Oris ang patuloy na paglawak ng BHB sa Mindanao. Sa ilang abanteng rehiyon, nagagawa ng BHB na makapagrekrut ng mahigit 500 bagong Pulang mandirigma kada taon. Sa ibang rehiyon, nagagawa ng BHB na makapagrekrut ng hanggang 200 taun-taon.

Tuluy-tuloy ang mga pagsasanay sa pulitika at militar upang itaas ang kakayahan sa kombat at gawaing pampulitika ng mga yunit ng BHB. Regular ang edukasyong pampulitika at propaganda tungkol sa mga tagumpay ng rebolusyon at kasalukuyang pambansang sitwasyon. Nakapaglulunsad ng mga kumperensya ng mga kadreng mili-

tar para patalasin ang kaalaman at kakayahan ng mga kumander sa pamumuno. Mataas ang moral ng mga kasama at handang humarap sa sakripisyo at kahirapan.

May ilampung platung gerilya ang BHB na kumikilos sa 47 distrito sa 200 bayan at syudad na matatagpuan sa 19 na prubinsya. Sa ilang maunlad na rehiyon, may ilang yunit na laking-kumpanya. May ilanlibong mga pwersang milisya ang BHB na organisado sa mga iskwad at platun.

Ilang ulit na ipinakita ng BHB sa iba't ibang rehiyon ang kakayahan nitong bumihag ng mga upisyal at tauhan ng kaaway at tratuhin silang mabuti alinsunod sa makataong batas kaugnay ng mga *prisoner-of-war* (POW o bihag sa digma). Lahat ng POW ay nagawang ligtas na palayain at ibigay sa mga pwersang independyente o lokal na upisyal ng reaksyunaryong gubyerno na nagpapalakas sa katayuan ng BHB bilang pwersang nakikidigma.

Milyun-milyon ang baseng masa ng BHB sa Mindanao. Nakakikilos ito sa 2,300 baryo. Kalahati nito ay konsolidado, habang impluwensyado ang iba o nasa mga sonang gerilya. Maunlad ang ganap na mga samahang masa. May ilan nang nabuo sa antas munisipyo o seksyon. May mga organo ng kapangyarihang pampulitika sa antas baryo at munisipyo.


Ilandaang libong magsasaka ang nakikinabang sa pagsusulong ng rebolusyong agraryo. Tuluy-tuloy na isinusulong ang mga pakikibakang antipyudal para ibaba ang upa sa lupa at sa mga kagamitan sa pagsasaka. Nailulunsad din ang mga kampanya para itaas ang produksyon.

Ang mamamayan ay nagpupursigi sa kanilang pagkilos, sa pagpapatakbo ng kanilang mga rebolusyonaryong organisasyon at gubyernong bayan. Ipinaglalaban nila ang kanilang mga karapatan sa malaya at mapayapang pamumuhay, ipinagtatanggol ang naipundar nang mga serbisyong pangkalusugan at pang-edukasyon, iginigiiit ang kanilang mga kooperatiba at iba't ibang anyo ng kooperasyon at mga proyekto para sa kagalingang bayan.

Masigla at determinado ang mga kilos protesta sa Mindanao laban sa atake ng Oplan Bayanihan. Kapag matagalang nananalanta ang mga pasistang militar sa kanilang baryo, organisadong umaalis ang mga magsasaka at Lumad sa palibot ng kampo militar at kahit sa buong baryo bilang protesta sa presensya ng militar at paggamit sa kanila bilang mga *human shield* o panangga, upang ilabas ang hinaing laban sa mga mapanlinlang na proyekto ng reaksyunaryong gubyerno at upang ipagtanggol ang kanilang lupaing ninuno.

Lumalakas din ang mga protesta laban sa mga pamamaslang ng militar at paramilitar, sa todong-opensiba laban sa mamamayang Moro, sa pagsampa ng mga gawa-gawang kaso laban sa mga aktibista, sa EDCA at sa panghihimasok ng militar ng US tulad ng kaso sa Mamasapano.

Matatag na pinamumunuan ng Partido Komunista ang armadong pakikibaka at ang kilusang masa sa isla. Nakatayo ang organisasyon ng Partido mula lokal na sangay hanggang rehiyon. Lahat ng kumand ng BHB ay pinamumunuan ng kinauukulang organo ng Partido at may sangay sa platun ang bawat platun. Libu-libong kasapi ng Partido ang nasa mga lokal na sangay na namumuno at bahagi ng mga gubyernong bayan at organisasyong masa. Pinamumunuan rin nila ang milisyang bayan at mga yunit panangggol sa sarili.



### Patuloy na palakasin ang pakikidigmang gerilya sa Mindanao

Sa pahayag ni Ka Oris, ipinanawagan niya na patuloy na palakasin ang pakikidigmang gerilya sa pamamagitan ng malawak at maigting na paglulunsad ng mga taktikal na opensiba. Aniya, dapat patuloy na tiyakin ng BHB ang pagkonsentra ng superyor na pwersa upang lipulin ang mahihinang bahagi ng kaaway.

Dapat tiyakin ang pagkumpiska ng matataas na kalibreng armas. Habang pangunahing layunin ang paglipol, hindi dapat bigyan ng kahit isang saglit na pahinga ang kaaway sa pamamagitan ng mga pagharas at aksyong atritibo upang pahinain sila at ilantad ang kanilang bulnerabilidad sa mga paglipol.

Nanawagan din si Ka Oris na paunlarin ang kakayahan na maglunsad ng mga atake laban sa mga istasyon ng pulis sa mga syudad at bayan na may mahihinang depensa. Dapat pumusisyon ang mga yunit ng BHB sa mga haywey na ginagamit ng mga tropa ng kaaway.

Kaalinsabay nito, dapat pabilisin at paigtingin ng lahat ng yunit ng BHB sa buong bansa ang mga taktikal na opensiba para ipako ang kaaway saan man sila naroroon at pigilan o pahirapan sila na makapagpakat ng karagdagang mga pwersa sa isla. AB

# 500 kabataan, sumapi sa BHB sa Northeast Mindanao

Sa loob ng mahigit lamang isang taon, aabot sa 500 kabataan ang sumapi bilang mga Pulang mandirigma sa mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Northeast Mindanao Region (NEMR). Ayon kay Ka Ariel Montero, tagapagsalita ng Panrehiyong Kumand ng BHB sa NEMR, ang paglaki ng bilang ng mga kabataang nais sumapi sa BHB ay nagpapamalas ng wastong pagpapatupad ng BHB sa gawaing masa at mahigpit na pagkakaisa ng masa at ng kanilang hukbo.

Ang NEMR ang isa sa rehiyon na kinokonsentrahan ng opensiba ng AFP at buong reaksyunaryong estado. Aabot sa pitong batalyon ng AFP, dalawang batalyon ng PNP, 90 detatsment ng CAFGU/SCAA at mga armadong grupong bandido (tulad ng Kalpit Egwa at Marcos Bocales) na binuo ng AFP ang nasa rehiyon.

Naglunsad ang AFP ng di bababa sa 10 operasyong laking-batalyon at mas marami pang laking-kumpanyang *strike operation* laban sa BHB. Karamihan sa mga atakeng ito ay inilunsad sa mga lugar na may malalaking negosyo ang mga imperyalista at malaking burgesyang komprador. Sinasabayan ang mga ito ng mga operasyong saywar sa ngalan ng "peace and development".

Ang mga operasyong ito ay nagdudulot ng malawakang pang-aabusong militar at mga paglabag sa karapatang-tao. Labing-isang sibilyan ang pinatay, 150 ang sinampahan ng mga gawa-gawang kaso at daan-daan ang binantaang patayin o dakpin. Kaliwa't kanan ang mga kaso na napilitang magbakwit ang mga sibilyan upang layasan ang pang-aabuso ng AFP.

Hangga't makakayanan ay hinahawakan ng BHB sa NEMR ang taktikal na inisyatiba sa digmaan. Ang mga operasyon ng kaaway ay hindi hinahayaang makapanalasa. Mula Enero 2014 hanggang Marso 2015, nakapaglunsad ang BHB sa NEMR ng 135 taktikal na opensiba. Sa siyam na opensiba, nakakumpiska ang BHB ng 27 malakas na kalibreng armas at 50 pistola. Aabot sa 190 tropa ng kaaway ang napatay at di bababa sa 120 ang nasugatan. Naglunsad ang BHB ng mga operasyong pagparusa sa 20 kumpanyang kapitalista.

Nag-alay ng buhay ang 28 Pulang mandirigma. Kabilang sila ngayon sa talaan ng mga bayani ng sambayanan.

Kaakibat ng pagsusulong ng armadong pakikibaka, tuluy-tuloy na isinusulong ang rebolusyong agraryo at pinalalakas ang baseng masa. Matagumpay na nailunsad sa rehiyon ang mga kampanya sa pagpapababa sa usura ng mga bangko at institusyong sangkot sa *microlending,* pagpapataas ng sahod ng mga manggagawang bukid, pagpapababa ng upa at singil sa mga kiskisan at pagtutulak para itaas ang presyo ng kopra, niyog at saging. Tinugunan din ang mga usaping kinakaharap ng maliliit na mangingisda.

Sa kasalukuyan, aabot sa 30% ng mga baryo sa apat na prubinsya ng rehiyong Caraga ang may nakatayong mga sangay ng Partido, mga rebolusyonaryong organisasyong masa at mga yunit ng milisyang bayan na karamiha'y antas pinalaking platun.

Tampok sa nagdaang mga taon ang nagpapatuloy na kampanya ng rebolusyonaryong edukasyon upang makonsolida ang mga sangay ng Partido at baseng masa at ibayong mapatatag ang kanilang rebolusyonaryong paninindigan. Ang mga libro ng Batayang Kurso ng Partido na Binisaya na maramihang ipinamahagi ay patuloy na ginagamit ng mga lokal na sangay ng Partido. Mayorya ng mga kasapi ng Partido ay nakatapos ng pag-aaral sa batayang antas. AB



Surigao del Sur

## 2 upisyal ng BJMP, pinalaya na

Pinalaya ng Bagong Hukbong Bayan-SMR ang dalawang upisyal ng Bureau of Jail Management and Penology (BJMP) noong Mayo 22, matapos ang isang buwang pananatili nila sa kustodiya ng mga Pulang mandirigma. Ipinasa sina Juan Salazar at Feliciano Polan sa pangangalaga ng gubernador ng Surigao del Sur, mga meyor ng Tago, Marihatag at San Miguel at sa parokya ng Tandag sa isang pagtatagpo ng mga lokal na upisyal at kumand ng BHB sa Brgy. Libasod, San Miguel, Surigao del Sur.


Idinetine sina Salazar at Polan mula Abril 27 matapos tambangan ng mga Pulang mandirigma ang kanilang sasakyan para palayain ang lulan nitong dalawang bilanggong pulitikal sa Brgy. Amontay, Marihatag, Surigao del Sur. Inihahatid noon ang mga bilanggo mula Lianga tungong Tandag City para dumalo sa pagdinig ng kanilang kaso. AB

# 88 armas, nasamsam ng BHB-SMR

Hindi bababa sa 88 armas, ilampung libong bala at mga gamit-militar ang nasamsam ng mga Pulang mandirigma sa magkakasunod na taktikal na opensiba na inilunsad ng mga yunit ng BHB-Southern Mindanao Region noong Abril at Mayo. Ang mga opensibang ito ay ilan sa pinakamalaki sa serye ng mga opensibang tugon ng BHB sa pagdumog ng mga pwersa ng AFP sa Mindanao.

**Davao Oriental.** Dalawang ambus ang magkasunod na inilunsad ng mga Pulang mandirigma sa ilalim ng pinagsanib na taktikal na kumand ng BHB-3rd Pulang Bagani Command (PBC), BHB-Front 15 Operations Command at BHB-8th Pulang Bagani Command sa Davao Oriental noong Mayo 22.

Unang sinalakay ng 3rd PBC at Front 15 Operations Command ang *patrol base* ng 3rd Platoon ng Public Safety Company ng Philippine National Police (PNP) sa Brgy. Banol, Tarragona sa pagitan ng alas-4 ng madaling araw at alas-7 ng umaga. Isang pulis ang napatay at lima ang nasugatan. Nasamsam mula sa reyd ang dalawang M203, tatlong M16, dalawang M14, apat na 9mm pistola at mga bakpak. Ang naturang yunit ng PNP ay nagsisilbing kolektor ng korap na gubernador ng prubinsya at protektor ng isang malaking kumpanya ng mina sa nasasagawa ng mapangwasak na operasyon sa kalapit na lugar.



Bandang alas-8 ng umaga, sinalakay ng 8th PBC ang 14-kataong yunit ng 67th IB sa Brgy. Kasunungan, Baganga. Nagsasagawa noon ang yunit ng AFP ng "peace and development outreach program." Tatlong sundalo ang napatay at isa ang nasugatan. Isang M16 ang nasamsam. Matagal nang inirereklamo ng mga residente ng Kasunungan ang pang-aabuso at pagbabanta sa kanila ng naturang yunit-militar. Kabilang dito ang pagpapalayas sa mga magsasaka mula sa kanilang mga sakahan at paninira sa kanilang mga pananim at binhi para pigilan silang magtanim muli.

Ang Baganga ay tatlong bayan ang layo mula sa Tarragona.

**Davao City.** Isang M203 *grenade launcher*, isang ripleng awtomatik, isang M16, 400 bala ng M60, 200 bala ng K3 at 34 magasin ang nasamsam matapos salakayin ng 1st Pulang Bagani Battalion (PBB) ang laking-platung tropa ng 69th IB, 84th IB at 71st IB sa Sityo Isled, Dalagdag, Calinan District noong Mayo 6. Nakasamsam din ang mga mandirigma ng mga *army pack*, bota, *army vest,* dokumento, *operational map*, mga *tablet* at *cellphone*. Apat na sundalo ang napatay at walo ang nasugatan.

Ang pinagsanib na pwersa ay bahagi ng 15 kolum ng AFP na nag-ooperasyon sa mga distrito ng Calinan, Buhangin at Paquibato ng Davao City. Mahaba ang listahan ng naitalang mga paglabag sa karapatang-tao ng naturang yunit. Kabilang dito ang paghuhulog ng bomba (*aerial bombing*) noong Marso 23 at 26 at muli noong Abril sa Paquibato District.

Ayon kay Ka Parago Sandoval, tagapagsalita ng PBB, dapat lamang bigwasan ang mga tropa ng AFP lalupa't nagsisilbi silang tagahawan ng daan para sa malawakang pangangamkam ng lupa sa bulubunduking bahagi ng Davao City. Matapos makaranas ng mga kabiguan, ibinaling ng mga sundalo ang paghihiganti sa mga sibilyan. Kinulata nila ang ilang residente at sinampahan ng gawa-gawang kaso ang mga lider at myembro ng organisasyon ng magsasaka sa Paquibato.

**Monkayo.** Umabot sa 74 armas, mahigit 42,000 bala at samutsaring gamit-militar ang nasamsam matapos salakayin ng mga Pulang mandirigma ang armori ng *private army* ni Mayor Joselito Brilliantes sa Olaycon, Monkayo noong Abril 14. Bahagi ang armori ng tinaguriang JB Palace o JB Malacanang ng alkalde. Dinisarmahan din ng mga Pulang mandirigma ang mga elemento ng 25 IB at mga pribadong gwardya na nakapaligid sa lugar. Nagkaroon din ng labanan sa pagitan ng mga Pulang mandirigma at mga pwersa ng militar na nagsilbing *blocking force* sa Brgy. Banlag. Tumagal ang reyd ng dalawa't kalahating oras. Isinagawa ito ng mga yunit ng BHB sa ilalim ng subrehiyong Compostela Valley-North Davao-South Agusan.

Isinagawa ang reyd alinsunod sa patakaran ng rebolusyonaryong kilusan laban sa mga *goons* at *private army* na malaon nang naghari-harian sa Monkayo. Tugon din ito sa hiling ng mga residente ng Monkayo na matagal nang inaapi ni Brilliantes. Ayon Kay Rigoberto Sanchez, tagapagsalita ng BHB-

SMR, malaking tulong ang nakuhang armas para sa pagtatayo ng karagdagang mga platun ng BHB sa rehiyon.

Noong Abril 23 at 27, inambus ng isang yunit ng BHB ang pinagsanib na mga tropa ng 25th IB, Scout Rangers, 66th IB, 28th IB at ng *task force* na binuo ni Briliantes at ng 10th ID para bawiin ang nakuhang mga armas. Isang sundalo ang napatay at dalawa ang nasugatan. Nagsagawa ng malawakan at masinsing mga operasyong militar ang mga pasistang tropa sa mga bayan ng Monkayo, Laak at Montevista na nagbunga sa maraming paglabag sa karapatang-tao ng mga sibilyan. AB

### MGA NAKUHA SA ARMORI NI BRILLIANTES

**BARIL**

3 M60 *machine gun* | 7 M14 | 13 M16 | 9 garan | 3 M16 *baby armalite* | 1 karbin | 2 AR-15 Bushmaster | 1 Ultimax *machine gun* | 1 M203 | 1 RPG | 1 Galil *rifle* | 1 AK200 | 11 *shotgun* | 2 9mm pistola | 8 .45 pistola | 1 .38 pistola | 9 KG *rifle*



**BALA**

36 pirasong *rifle grenade* | 52 pirasong 40mm *ammunition* | 800 bala ng K3 | 500 bala ng AK | 5000 bala ng M60 | 400 bala ng Ultimax | 14,000 iba't ibang bala

# Pinakamalaking opensiba ng 4th ID sa F21, binigo

Lapimpitong sundalo ng AFP ang napatay at maraming iba ang nasugatan nang mapangahas at matapang na nilabanan at binigo ng mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan sa ilalim ng Front 21 sa Northeast Mindanao Region ang koordinadong opensiba ng 4th Infantry Division (ID) sa hangganan ng Agusan del Norte, Agusan del Sur at Surigao del Sur simula Pebrero 18.

Ipinakat ng 4th ID ang 400 tropa sa mga laking-kumpanyang yunit sa ilalim ng 23rd IB, 26th IB, 29th IB, 36th IB, 75th IB, 2nd Scout Ranger Battalion, 3rd Special Forces Battalion at 401st Reconnaisance Company. Gumamit din ang mga pwersa ng kaaway ng mga helikopter at kanyon. Ito na ang pinakamalaking opensiba ng AFP sa lugar.




Ang 4th ID ay nakapailalim sa Eastern Mindanao Command ng AFP. Ito ang pangunahing nakatutok laban sa mga pwersa ng BHB sa Northeastern Mindanao Region.

Sinimulan ng kaaway ang atake ng mga kolum sa direksyon ng Butuan City, Sibagat at San Miguel. Nagdulot ang opensibang ito ng malaking pinsala sa kabuhayan ng lokal na mga residente, laluna sa mga sityo kung saan pinagbawalan ang mga magsasaka na mag-asikaso ng kanilang mga pananim.

Noong Pebrero 11, inambus ng mga isnayper ng BHB ang mga nag-ooperasyong tropa ng 36th IB at isang sundalo ang napatay at isa ang nasugatan. Bilang ganti, pinatay ng mga pasistang tropa si Hagay Alimbuyong habang nangangaso sa Sityo Lamesa, Carumata, San Miguel, Surigao del Sur.

Noong Pebrero 23, tatlong ulit na pinaputukan ng mga tim ng BHB ang mga nag-ooperasyong tropa sa Sibagat, Agusan del Sur. Ala-1:30 ng hapon, inisnayp ng isang tim ng BHB ang isang kolum ng mga sundalo sa "Gravelling", Km 27, sa Brgy. Padiay. Isang sundalo ang nasugatan.

Alas-3:30 ng hapon, isa pang pangkat ng mga isnayper ng BHB ang nagpasabog ng *command-detonated explosive* (CDX) laban sa pinakamalaking nangungunang kolum ng mga sundalo sa bahagi ng tuktok ng Mt. Tugdok na sumasakop sa mga barangay ng Padiay, Kulambugan at Sinaka.

Noong Pebrero 24, naengkwentro ng isang tim ng mga isnayper ng BHB ang kolum ding iyon ng mga sundalong umaatras mula sa tuktok ng Mt. Tugdok. Di natiyak ang kaswalti ng kaaway habang walang kaswalti sa panig ng BHB.

Noong Pebrero 25, muling nakapaglunsad ang BHB ng dalawa pang atake laban sa kaaway. Alas-10 ng umaga nang pinasabugan ng CDX ang isang kolum ng AFP mula sa Mt. Tugdok. Apat na sundalo ang napatay at ilan ang nasugatan na nirekober gamit ang helikopter.

Ala-1:50 ng hapon nang inatake ng isa pang pangkat ng BHB ang kolum ng 75th IB sa Malitbog, Sityo Barubwan, Carumata, San Miguel. Tatlong sundalo ang napatay. Namartir sa labanang ito ang Pulang

mandirigmang si Ka Marjab.

Noong Pebrero 28, bandang alas-8 ng gabi, tinambangan ng BHB ang nakakomboy na limang sasakyan ng kaaway na nagmula sa operasyon sa paliku-likong kalsada sa Brgy. Anticala, Butuan City. Sa panimulang ulat, pitong sundalo ang kaagad na napatay habang di natiyak ang dami ng mga nasugatan. Bandang alas-9 naman ng gabi, tinambangan ng isang pangkat ng BHB ang isang kolum ng AFP na nagmula sa operasyon sa Brgy. Magruyong, San Miguel. Isang sundalo ang napatay at isa pa ang nasugatan.

Noong Marso 1, tinambangan ng isa pang pangkat ng BHB ang mga nagpapatrulyang tauhan ng 36th IB na nagbabantay sa plantasyon sa Sityo Ibo, Anahaw-Daan, Tago, Surigao del Sur. Isang sundalo ang napatay at isa ang nasugatan.

Mataginting na tagumpay ang aktibong pagdepensa ng BHB sa Front 21. Nakamit ang mga ito dahil sa walang-tinag na suporta ng masa.

Bukidnon

## 5 aksyong militar sa loob ng 3 araw



Limang armadong aksyon ang magkatuwang na inilunsad ng Front 6 ng BHB-North Central Mindanao Region (NCMR) at Front 52 ng BHB-Southern Mindanao Region sa Bukidnon sa loob ng tatlong araw noong Marso.

Ayon kay Allan Juanito, tagapagsalita ng BHB-NEMR, tugon ito sa panawagan ng Partido Komunista ng Pilipinas na paigtingin ang mga opensiba sa isla bilang suporta sa mamamayang Moro na noo'y walang habas na inooperasyon ng militar.

**Marso 8.** Bandang alas-5 ng umaga, hinarang at pinaralisa ng laking-platung yunit ng BHB ang pitong trak na may lulang mga produkto ng mga multinasyunal na kumpanya sa Brgy. Palacapao, Quezon. Kabilang dito ang mga produkto ng Nestle, Asia Brewery at Purefoods, mga mapagsamantala at kontra-manggagawang kumpanya ng malalaking kumprador.

Hinarang at pinaputukan ng isa pang yunit ng BHB ang nagrerespondeng yunit ng 84th IB at CAFGU mula sa kalapit na detatsment sa Sityo Kipulot, Palacapao.

Bandang alas-7 ng umaga, pinasabugan ng mga Pulang mandirigma ang sinasakyang trak ng nagreresponde ring mga elemento mula sa 103rd Regional Public Safety Battalion sa parehong barangay. Isang pulis ang napatay habang pito ang nasugatan.

**Marso 10.** Umabot sa tatlong oras mula alas-2 ng umaga ang labanan sa pagitan ng laking-platung pwersa ng BHB at mga tropa ng 84th IB sa Upper Minalong, Brgy. Kahusayan, Kitaotao. Dalawang sundalo ang napatay habang dalawang mandirigma ang namartir.

Bandang alas-6 ng umaga, pinasabugan ng hiwalay na yunit ng BHB ang mga nagrerespondeng sundalo sa Log Deck 6, Brgy. Linabo, Quezon. Dalawang sundalo ang napatay.

# Tuluy-tuloy na mga tagumpay ng BHB sa Eastern Visayas

Tuluy-tuloy na umaani ng mga tagumpay ang Bagong Hukbong Bayan sa Eastern Visayas (EV). Ito ang pahayag ni Father Santiago Salas (Ka Sanny), tagapagsalita ng National Democratic Front-EV sa okasyon ng ika-46 anibersaryo ng pagkakatatag ng BHB noong Marso 29. Sa araw na iyon, inilunsad ng iba't ibang kumand ng BHB-EV ang malalaking pagdiriwang, kasama ang daan-daang magsasaka at iba pang sektor sa kani-kanilang saklaw.

Inilahad ni Ka Sanny ang mga pagsulong ng BHB nitong nakaraang taon. Sa inisyal na ulat, ang mga inilunsad na taktikal na opensiba ng BHB sa rehiyon ay nagdulot ng di bababa sa 123 kaswalti ng kaaway, kabilang ang 93 patay, mula Enero 2014 hanggang Pebrero 2015. Wala ni isang mandirigma ang napatay at iilan lamang ang nasugatan.

Sa Western Samar, inambus ng mga mandirigma mula sa Arnulfo Ortiz Command (AOC) ang mga nakamotorsiklong elemento ng 87th IB sa pagitan ng barangay Concepcion at Ronio, Paranas noong Mayo 15. Dalawang sundalo ang napatay at dalawa ang nasugatan.

Bago nito, hinaras ng mga mandirigma ang mga elemento ng 87th IB sa Brgy. Manlilinab, Basey noong Pebrero 16. *(Tingnan ang isyu ng Ang Bayan, Pebrero 21 2015.)* Noong Nobyembre 16, hinaras ng isang tim ng BHB ang mahigit 20 sundalo ng 87th IB na nag-ooperasyon sa Brgy. Caulayawan, Motiong. Mula Marso hanggang Setyembre 2014, anim pang operasyong haras ang isinagawa ng mga yunit ng AOC laban sa mga elemento ng 87th IB, 43rd IB, CAFGU sa ilalim ng 52nd IB at mga elemento ng pulis sa Motiong, Matuguinao at Gandara. Hindi bababa sa walong sundalo ang napatay at 14 ang nasugatan sa mga operasyong haras ng BHB.

Samantala, ipinataw ng *special operations group* sa ilalim ng Efren Martires Command ang parusang kamatayan sa lider ng lokal na *death squad* na si Adrian Abi-

ngona sa Brgy. Mambog, Pinabacdao noong Mayo 1. Napatunayan sa hukumang bayan na nagsilbing *triggerman* si Abuingona sa pagpaslang kay Rodolfo Dacumay Basada noong Hulyo 24, 2014. Si Basada ay lider ng People's Surge, ang organisasyon ng mga biktima ng bagyong Yolanda sa Eastern Visayas. Positibong kinilala ng mga testigo si Abuingona bilang kasama ng mga elemento ng 87th IB na pumaslang kay Basada. Mahaba ang listahan ng iba pang krimen ni Abuingona na mula pa 2006 ay kilala nang aset ng 8th ID.

Sa Northern Samar, mahigit 50 sundalo ang napatay at marami ang nasugatan sa iba't ibang armadong aksyong inilunsad ng Rodante Urtal Command (RUC o Northern Samar Command) mula Hulyo 2014 hanggang Pebrero 2015. Kabilang dito ang kontra-opensibang isinagawa ng isang yunit ng RUC laban sa 100-kataong pwersa ng 34th IB sa Brgy. Imelda, Las Navas noong Pebrero 9. Pitong sundalo ang napatay, kasama ang kumander ng yunit na si 2nd Lt. Raphael Cubillan, habang 13 ang nasugatan. Bago nito, sunud-sunod na mga armadong aksyon ang inilunsad ng RUC sa prubinsya. Noong Oktubre-Disyembre 2014 lamang, hindi bababa sa 23 sundalo ang napatay at 13 ang nasugatan sa magkakahiwalay na opensiba sa mga barangay ng Cuenco at Sag-od, Las Navas; Santander, Bobon at iba pa.



Liban pa rito ang inilunsad na mga opensiba sa buwan ng Nobyembre. Noong Nobyembre 11, hinaras ng mga Pulang mandirigma ang mga elemento ng 34th IB sa Catoto-ogan, Las Navas.

Noong Nobyembre 5, limang koordinadong aksyong militar ang inilunsad ng mga Pulang mandirigma laban sa mga detatsment ng 34th IB at 52nd IB CAA sa mga bayan ng Las Navas, Gamay, Mapanas at Palapag. Kabilang dito ang ambus ng mga mandirigma sa isang sinasakyang trak ng mga elemento ng 34th IB sa Brgy. Cabatoan, Palapag. Anim sa mga sundalo ang agad na napatay.

Kasabay nito'y hinaras din ng isang tim ng BHB ang detatsment ng 52nd IB sa poblasyon ng Las Navas kung saan nakapusisyon ang istasyon ng radyong pinatatakbo ng militar. Matagal nang inirereklamo ng mamamayan sa Catubig at Las Navas ang mga pang-aabuso ng mga sundalo at pagkakampo ng militar sa gitna ng kanilang komunidad.

Mula Hulyo hanggang Setyembre 2014, hindi bababa sa apat na mga operasyong haras ang inilunsad ng mga mandirigma laban sa mga nag-ooperasyong PDT ("peace and development team") ng 34th IB sa Osang, San Miguel, Imelda at Cuenca, pawang sa Las Navas. Noong Setyembre 28, dalawang beses na hinaras ng mga mandirigma ang PDT ng 34th IB sa Brgy. Paguite, Lope de Vega. Siyam na sundalo ang napatay habang tatlo ang nasugatan. AB

Ilocos-Cordillera

## Kumpanya ng mina, nireyd sa Ilocos Sur

Isang reyd at isang ambus ang inilunsad ng mga mandirigma sa ilalim ng Antonio Licawen Command-Bagong Hukbong Bayan (ALC-BHB) laban sa isang malaking kumpanya sa mina at mga tropang protektor nito sa Quirino, Ilocos Sur noong Pebrero. Kumikilos ang ALC sa hangganan ng Abra-Mountain Province-Ilocos Sur (AMPIS).

Noong Pebrero 19, sinunog ng mga mandirigma ang pasilidad at kagamitan ng South Ocean Mining Corporation (SOMC), isa sa mga kumpanyang matagal nang tinututulan ng mamamayan sa lugar. Ayon sa Save Quirino Movement (SQM), isang malawak na alyansang kontra-mina, mapangwasak sa kapaligiran ang mga operasyon ng SOMC at wala itong naidudulot na bentahe sa mamamayan sa lugar.

Noong Pebrero 26, tinambangan ng ALC ang mga tropa ng 81st IB sa Brgy. Legleg. Pauwi noon ang mga sundalo matapos maglunsad ng operasyong militar kasama ang Regional Public Safety Battalion sa mga baryo ng Quirino. Limang sundalo ang napatay at anim ang nasugatan. Ang 81st IB ang ipinalit ng rehimeng Aquino sa 50th IB na noo'y nagsisilbing protektor ng malalaking kumpanya sa mina sa lugar.

Matapos mabigwasan noong Pebrero, lalong pinaigting ng 81st IB ang pananalasa nito sa mamamayan ng Ilocos Sur. Nagkakampo ang mga sundalo sa mga sibilyang komunidad at kabahayan sa Legleg, Lamag, Madapoy, Namitpit at Patungkalew. Nagsagawa rin sila ng mga paniniktik, panggigipit at pananakot sa mga aktibistang kontra-mina na kasapi ng SQM na naninirahan sa lugar. AB

# PDT, binigwasan sa Masbate

Walang putok na reyd ang isinagawa ng isang yunit ng BHB-Masbate o Jose Rapsing Command (BHB-JRC) sa kampo ng 9th IB sa Brgy. Cantorna, Montreal noong Mayo 3, bandang alas-10 ng umaga.

Nasamsam ng BHB mula sa reyd ang mahigit 2,500 bala ng M16, dalawang kadena ng M60 at mga gamit militar, kabilang ang kanilang mga gamot at *dental set*.

Bago nito, pagod at puyat ang dinanas ng pinagsanib na pwersa ng 9th IB, Division Reconnaissance Company ng 9th ID at Public Safety Battalion (PSB) ng PNP matapos ilunsad ng BHB-JRC ang sunud-sunod at koordinadong mga aksyong militar laban sa kanilang mga yunit at detatsment sa isla ng Ticao noong Marso. Kinabibilangan ito ng sumusunod:

> dalawang beses na isnayp sa isa sa sampung kolum na nag-ooperasyon sa Brgy. Cantorna, Monreal noong Marso 22 at 26.

> pagpapasabog sa punong-himpilan ng PSB sa Burgos, San Jacinto noong Marso 26.

> sikretong pagpasok at pagpapasabog sa detatsment ng PSB sa Sityo Lucban, San Rafael, San Pascual noong Marso 31.

Sa kalapit na isla ng Claveria, dalawang beses na hinaras ng BHB noong Marso 25 at Abril 1 ang detatsment ng mga sundalo at PSB sa Sityo Anapog, Benas.

Dumating ang mga pwersa ng 9th IB sa isla ng Ticao noong Marso 19. Kasama ang ilang sundalong Amerikano, binisita nila ang alkalde ng isla para diumano'y ipaalam ang pagsisimula ng kanilang operasyon sa lugar. Kinabukasan, nagdeploy ang 9th IB ng mga PDT *(peace and development team)* sa apat na barangay sa bayan ng Monreal at anim na barangay sa San Jacinto. Nagpakat din sila ng PDT sa isang barangay ng Talisay sa San Fernando.

### 5 baril, nasamsam sa reyd ng BHB-Bulacan

NIREYD ng mga Pulang mandirigma ng BHB-Bulacan ang detatsment ng Royal City Guard sa Barangka, Paradise 3 ng San Jose del Monte City, Bulacan noong Mayo 1, 2015.

Nasamsam sa reyd ang isang mataas na kalibreng baril at apat na pistola, mga bala, radyo at iba pang gamit pangkomunikasyon. Ang Royal City Guard ay pinamumunuan ni Marino Reyes, isang dating upisyal ng National Bureau of Investigation (NBI), na malaon nang inirereklamo ng mga magsasaka sa pwersahang pagpapalayas at pangangamkam ng kanilang mga lupa gamit ang kanyang mga armadong maton.

Kasunod nito, ipinatigil ng BHB ang operasyon ng dalawang pabrikang nagtutunaw ng goma na nagdudulot ng pinsala sa kapaligiran at kalusugan ng mga tao. Nireyd noong Mayo 1 at 2 ng gabi ang mga pabrikang pag-aari ng isang Mr. Co at ni Mr. Pio Go sa San Isidro, San Jose del Monte, sa harap ng patuloy na pagtanggi ng mga may-ari na sumunod sa mga alituntunin ng demokratikong gubyernong bayan kaugnay ng pangangalaga sa kapaligiran at pagrespeto sa karapatan ng mamamayan.

### Mga opensiba kontra-PDT sa Camarines Sur at Sorsogon

MAGKASABAY na inilunsad ng BHB sa mga prubinsya ng Camarines Sur at Sorsogon ang magkakahiwalay na opensiba laban sa nag-ooperasyong "peace and development team" (PDT) at mga pwersa ng PNP noong Marso 13.

Dalawang magkasunod na labanan ang naganap sa pagitan ng Norben Gruta Command at mga pwersa ng PNP sa Brgy. Pag-oring Viejo at sa pagitan ng mga mandirigma at mga pulis na nagsilbing pwersang panseguridad ng detatsment ng militar sa Sityo Dinumplila, Malinao, Libmanan, Camarines Sur. Apat na pwersa ng kaaway ang nasugatan.

Sinalakay ng BHB-Sorsogon o Celso Minguez Command (CMC) ang 24-kataong PDT ng 31st IB na nag-ooperasyon noon sa Brgy. Dolos, Juban, Sorsogon. Isang sundalo ang napatay.

Ayon sa NDF-Bicol, ang naturang mga yunit pulis at militar ang nagsisilbing tagapagpatupad ng mga kontra-rebolusyonaryong programa tulad ng KALAHI, PAMANA, 4Ps at iba pa sa dalawang prubinsya. Kabilang din dito ang proyektong kalsada ng World Bank na magsisilbing paunang imprastruktura ng dayuhang pagmimina sa Brgy. Tangkong Vaca.

### Anim na sundalo, sugatan sa Quezon

ANIM na elemento mula sa 21st DRC ang nasugatan matapos dalawang ulit silang makasagupa ng mga Pulang mandirima mula sa BHB-Mt. Sierra Madre-Southern Tagalog Subregional Command o Rosario Lodronio Rosal Command (SLRC) sa Brgy. Mahabang Lalim, General Nakar, Quezon noong Abril 28.

Unang nakaengkwentro ng BHB ang mga tropa ng AFP bandang alas-7 ng umaga, at muli bandang alas-10. Nagtagal ng dalawang oras ang labanan sa ikalawang engkwentro. Isang buwan nang nag-ooperasyon ang mga sundalo sa bulubunduking lugar sa General Nakar, Real at Infanta, kapwa sa hilagang bahagi ng Quezon.

Ayon kay Armando Jacinto, tagapagsalita ng BHB-SLRC, layunin ng mga operasyong militar na itaboy ang mamamayang Dumagat at Remontado, mga mamamayang minorya sa lugar, para bigyan daan ang konstruksyon ng mga dam sa Sierra Madre. Mahigpit na tinututulan ng rebolusyonaryong kilusan, kasama ng mamamayang minorya, ang proyektong ito.




# Isa pang konsultant ng NDFP, inaresto

Tumitindi ang paniniil at paglabag sa karapatang tao ng rehimeng US-Aquino habang papalapit na ang pagtatapos ng termino nito. Kabilang dito ang iligal na mga pag-aresto at pagtortyur, pagpaslang ng mga sibilyan at iba pang krimen sa mamamayan.

Tampok sa mga ito ang pagdakip ng mga konsultant ng NDFP na saklaw ng Joint Agreement on Security and Immunity Guarantees (JASIG). Ito ay sa gitna ng pakitang-taong pagharap ng rehimen sa usapang pangkapayapaan na diumano'y nais pa nitong ilagay sa "fast track" o pabilisin.

Pinakahuli sa mga iligal na inaresto si Ruben Saluta, na may hawak na JASIG ID No. ND978240 sa pangalang Lirio Magtibay. Inaresto si Saluta, kasama ang kanyang asawang si Presentacion at 11 iba pa, noong Marso 4 sa magkakasabay na reyd sa tatlong bahay sa Quezon City at Caloocan City. Isinagawa ang reyd ng pinagsanib na pwersa ng Criminal Investigation Detection Group at Special Action Forces ng PNP at mga ahensyang paniktik ng AFP. Sinampahan ang 13 inaresto ng gawa-gawang kaso ng *illegal possession of firearms* at *explosives*. Inakusahang kumander ng BHB si Saluta at ang isa pang inaresto na si Emmanuel Bacarra. Sinampahan sila ng gawa-gawang mga kasong pagpatay sa Panay at Mindoro.

Umaabot na sa 16 ang inarestong konsultant ng NDFP ang kasalukuyang nakakulong habang 13 ang dinukot at hanggang ngayo'y di pa natatagpuan.

Mula Marso hanggang Abril, tampok rin ang sumusunod:

**Southern Tagalog.** Isang organisador ng mga manggagawa at *provincial coordinator* ng National Coalition for the Protection of Workers' Right ang dinakip at pinaslang noong Marso 7 sa Lipa City. Huling nakita si Florencio "Bong" Romano na pasakay sa isang traysikel papunta sa upisina nila. Kinabukasan, natagpuan ang kanyang bangkay sa bangketa ng Soro-soro Village, Batangas City. Tadtad ng bala ang kanyang katawan.

Tumayong lider ng RFM Swift si Romano sa Laguna noong 1984. Isa siya sa mga nagtatag ng Institute of Workers' Leadership and Development at organisador ng mga kontraktwal na manggagawa sa Batangas. Pinaghihinalaang mga elemento ng Air Force mula sa Fernando Air Base sa Batangas City ang nagsagawa ng pamamaslang. Si Romano ang ika-18 biktima ng ekstrahudisyal na pamamaslang sa ilalim ni Aquino sa rehiyon.

**Isabela.** Namatay sa mga tama ng bala si Virgilio Leotorco sa Matusalem, Roxas, Isabela noong Marso 16. Lumabas siya noong gabi ng Marso 15 para manghuli ng palaka. Kinabukasan, natagpuan siyang may buhay pa ng isang kapwa magsasaka subalit namatay bago malapatan ng paunang lunas.

Si Leotorco, 56, ay isa sa 66 na magsasaka na nakikipaglaban para mapasakanila ang lupang *resettlement* na inaangkin ng Isabela State University. Bago nito, isa pang kasapi ng Agbiag Matusalem Association Roxas-Isabela, si Romulo Cruz, ang biktima ng sapilitang pagkawala at hindi pa natatagpuan mula noong Pebrero 28, 2014.

**Bicol.** Inaresto matapos sampahan ng kasong libelo sa ilalim ng Cyber Crime Prevention Law si Elmer Bandol, isang reporter ng Bicol Today, sa Daraga, Albay noong Abril 15. Kinasuhan siya ng libelo ng dating General Manager ng Masbate Electrical Cooperative (MASELCO) dahil sa isang artikulong sinulat niya may apat na taon na ang nakaraan. Sa sinulat niyang artikulo, binatikos ni Bandol ang P314 milyong nawala sa MASELCO dulot ng korapsyon sa loob ng kumpanya.

**Compostela Valley.** Malawakang militarisasyon ang isinasagawa ng 66th at 67th IB sa mga komunidad ng Lumad sa Compostela at New Bataan para palayasin sila sa lugar at bigyang-daan ang eksplorasyon ng Agusan Petroleum and Mineral Corporation (Agpet).

Umaabot sa 36 ang mga kaso ng paglabag sa karapatang-tao sa Barangay Ngan at Barangay Panansalan. Kabilang dito ang pagkakampo sa mga pampublikong istruktura at gusali malapit sa mga

komunidad, pagbabanta, harasment, paninira, pambibintang, panakit at pambubugbog, tortyur, at walang pakundangang pagpapaputok ng baril.

Ang Agpet ay subsidiaryo ng San Miguel Corporation, pag-aari ni Eduardo "Danding" Cojuangco na tiyuhin ni Benigno Aquino III. Ginawaran ito ng rehimeng US-Aquino ng karapatang magsagawa ng eksplorasyon sa 12,416 ektarya lupa ng mga katutubo sa hangganan ng Compostela at New Bataan.

**Sultan Kudarat.** Dinukot at ipinagpalagay na pinatay ng mga gwardya ng David M. Consunji Inc. (DMCI) si John Calaba, isang lider-Lumad, noong Abril 30 sa Sabanay, Kalamansig. Si Calaba, 28, ay *public information officer* ng Kisasabanay Dulangan Manobo (Kiduma). Ayon sa kanyang mga katribo, inimbita ng mga gwardya si Calaba sa kanilang *outpost* para kumain umano ng agahan. Makalipas ang 20 minuto, nakarinig sila ng mga putok mula sa *outpost*. Nang siyasatin nila ito, itinaboy sila ng mga gwardya at sinabihang huwag makialam at baka matamaan sila sa "crossfire". Makalipas ng 10 minuto, nakita nilang may isinakay ang mga gwardya na malaking bagay na nakabalot sa trapal sa isang trak na nag-iwan ng bakas ng dugo.

Aktibo ang Kiduma sa paglaban sa pagmimina at pagtotroso ng DCMI sa kanilang komunidad. Sinanay ng 38th IB ang mga gwardya ng kumpanya.

## Abusong-militar laban sa mga komunidad at pamilya, tumitindi

Tumitindi ang militarisasyon at mga pang-aabuso ng mga tropa ng AFP sa Bukidnon at Samar sa harap ng sunud-sunod na mga pagkatalo ng tinatamo nila sa kamay ng BHB.

Noong Abril 5, dalawang pamilya mula sa Sil-ipon, Libona ang iligal na inaresto at kinasuhan ng gawa-gawang kaso matapos pagbantaan ng mga elemento ng 1st Special Forces Battalion (SFB).

Inaresto ang mag-asawang Jovito Anlagan Sr at Emily, kanilang mga anak na sina Jovito Jr at lima pang nasa edad anim hanggang 17; si Charito Eslao at kanyang mga kamag-anak na sina Charlito at Crisabel Eslao; at sina Arden Jay Valendez at Daniel Ped-Ac.

Nakasakay sila sa isang van noong hinarang sila ng mga elemento ng 104th Maneuver Battalion ng PNP noong Abril 5 ng gabi. Papunta sa Cagayan de Oro City ang mga Anlagan, at inihahatid sila ng mga Eslao, para umiwas sa mga militar na nagbanta sa kanilang buhay. Para bigyang-katwiran ang pang-aaresto, nagtanim ang mga sundalo ng isang kalibre .45 pistola, isang KG-9 *submachine gun* at mga isyu ng *Ang Bayan* sa kanilang sasakyan.

Bago nito, dumalo si Anlangan Jr. sa isang pulong-barangay na pinatawag ni Lt. Col. Nasser Lidasan, kumander ng 1st SFB. Sa pulong na ito, binantaan ni Lidasan ang mga kasapi ng Iglesia Filipina Independiente na inakusahan niyang mga "tagasuporta ng NPA" at tinukoy ang organisasyong Kalumbay Lumad bilang "prente ng NPA." Nag-alok din siya ng pabuya sa mga magsusuko ng armas sa AFP. Nagbabala si Lidasan na may mga na kaso ang ilan sa mga residente at may nailabas nang mandamyento-de-aresto para sa kanila.




Noong pauwi na si Anlagan Jr., napansin niyang sinusundan siya ng anim na sundalong nakasibilyan. Pagdating niya sa kanilang bahay, kinumpronta siya ng mga militar, pinagbintangang kasapi ng BHB at pinilit na sumuko. Itinanggi Anlagan Jr. ang akusasyon. Hinarap ng kanyang ama na si Anlagan

*sundan sa pahina 17*

**Bukidnon.** Binaril ng mga gwardya ng panginoong maylupang si Pablo Lorenzo noong Marso 24 si Tata Baito, kasapi ng Indigenous Group Tribal Indigenous Oppressed Group Association (TINDOGA). Papunta noon si Baito, kasama ang 200 iba pa, sa kanilang bungkalan nang paputukan sila ng mga tauhan ni Lorenzo. Agad na namatay si Baito habang nasugatan sina Japsem Bagna at Ricky Tumbaga.

Kinikilalang lehitimong mga may-ari ng rantsong Montalvan ang kasapi ng TINDOGA. Sama-sama nilang sinasaka ang isang bahagi ng rantso, na itinuturing nilang parte ng kanilang lupaing ninuno, bilang paggigiit ng kanilang karapatan sa lupang kinamkam ni Lorenzo.

Sa kaugnay na balita, sinampahan ng gawa-gawang kasong pagpatay ang isang lider-Lumad sa Bukidnon. Isinampa kay Jomorito Goaynon ang kasong pagpaslang sa isang lider ng grupong paramilitar na pinarusahan ng BHB noong Marso 28 sa Malaybalay, City. Noong araw na iyon, nasa isang pulong sa Cagayan de Oro si Goaynon. Si Goaynon ay aktibo sa kampanya laban sa militarisasyon sa Mindanao. Bago nito, nakipagtalo siya sa mga sundalo kaugnay sa ebakwasyon ng 1,000 residente mula sa 14 na komunidad sa Balit, Agusan del Sur. Si Goaynon ang tagapangulo ng Kalumbay, isang organisasyon ng mga Lumad.

Sa buong Mindanao, mahigit 508 katutubo na ang sinampahan ng gawa-gawang mga kaso ng karaniwang krimen. Itinuturing ito ng mga grupo para sa karapatang-tao na "kriminalisasyon ng paglaban sa pulitika". AB

mula pahina 16

Sr. ang mga sundalo at nagkaroon sila ng mainitang pagtatalo. Sinuntok ng isang sundalo sa tyan ang nakatatandang Anlagan. Noong gabing iyon, nagpasya ang buong pamilya na umalis at tumungo sa Cagayan de Oro para makaligtas sa abusong-militar.

Nakakulong ngayon ang walong indibidwal sa kasong *illegal possession of fireams* at *explosives.* Ang mga menor-de-edad ay ipinasa sa kustodiya ng Municipal Social Welfare and Development makalipas ang dalawang araw na pagkakulong.

Sa Kitaotao, Bukidnon, tatlong magsasaka ang tinortyur at inaresto ng mga tropang militar sa Sitio Minalong, Kahusayan noong Marso 14. Nagpapahinga noon sina Henry Omandam, 19, Vergil Pitogo, 23, at Johnrey Flores, 18 nang datnan sila ng mga sundalong pinamumunuan ng isang Cpl. Maynard Silvestre at isang nagngangalang Cpl. Louis. Itinali sina Omandam at Flores, pinadapa at ibinilad sa araw. Pinagsisipa sa tyan, sinampal at inutusan ding dumapa si Pitogo. Inakusahan ng mga sundalo ang tatlo na sangkot sa pananambang ng BHB sa noong Marso 10. *(Tingnan ang kaugnay na artikulong "5 aksyong militar sa 3 araw" sa pahina 12.)*

Dinala ang tatlo sa Kipolot Army Patrol Base at pagkatapos ay dinala sa istasyon ng pulis sa munisipyo ng Quezon. Inilipat sila sa Provincial Detention and Rehabilitation Center sa Malaybalay City noong Marso 16 at kinasuhan ng *illegal possession of firearms* at *illegal possession of explosives.*

Samantala, dinakip at ikinulong ng mga sundalo mula sa 34th IB sina Alejandro Pigar at Rolando Tapong Jr., kapwa tanod mula sa Brgy. Catoto-ogan, Las Navas, Northern Samar. Ang dalawa ay dinakip noong umaga ng Pebrero 3 sa kalapit na Brgy. Imelda kung saan nakapusisyon ang mga sundalo para salakayin ang isang yunit ng BHB. *(Tingnan ang kaugnay na artikulong "Tuluy-tuloy na mga tagumpay ng BHB sa Eastern Samar" sa pahina 12).*

Matapos mabigo ang kanilang operasyon, pinalabas ng 34th IB na ang dalawang magsasaka ay mga mandirigma ng BHB at sinampahan ng gawa-gawang mga kaso ng *illegal possession of firearms* at *explosives*. Ayon sa kanilang pamilya, bakas sa mga mukha at katawan nina Pigar at Tapong ang dinanas nilang tortyur sa kamay ng mga sundalo. Nakakulong sila ngayon sa Laoang.

Sa araw ding iyon, pinagbawalan ng mga sundalo ang mga magsasaka sa Imelda na pumunta sa kanikanilang mga sakahan. Hindi bababa sa apat na kubong naglalaman ng produktong abaka ang sinunog o winasak ng mga sundalo. Lumapag malapit sa baryo ang helikopter na kumuha ng kanilang mga kaswalti at sumira sa mga palayan. AB

# International People's Tribunal, gaganapin sa Hulyo

Gaganapin sa Hulyo 6-8 ang International People's Tribunal (IPT) sa Washington, DC, upang imbestigahan ang mga paglabag sa karapatang tao sa ilalim ni rehimeng Aquino. Kabilang sa bubuo ng panel ng mga maghuhusga si dating kongresista ng US na si Cynthia McKinney at manananggol ng karapatang tao na si Azadeh Shahshahani.

Kabilang sa magsasagawa ng IPT ay ang International Coalition on Human Rights in the Philippines, ang National Lawyers Guild (NLG) ng US, ang International Association of Democratic Lawyers (IADL), at Ibon International.

Isa sa mga kasong idudulog sa IPT ay ang pagpaslang kay Romeo Capalla, kapatid ng Arsobispo ng Iloilo na si Fernando Capalla at tagapangulo ng Panay Trade Fair Center, na pinaslang noong Marso 15, 2014 sa Oton, Iloilo ng mga kasapi ng grupong paramilitar na ABB-RPA.

Nasa Order of Battle ng AFP si Capalla, kasama ang pinaslang na konsehal ng Aklan na si Fernando Baldomero. Si Baldomero ay pinatay noong Hulyo 1, 2010, isang araw matapos manumpa si Aquino bilang pangulo.

Lilitisin din ng IPT ang marami pang paglabag sa mga karapatan sa ekonomya, pulitika at kultura ng mamamayang Pilipino, kabilang na ang mga iskandalong *pork barrel* ng Kongreso at ni Aquino, ang mga tagibang na kasunduang pinasok ng rehimen kabilang ang Public-Private Partnership, at ang malawakang mga demolisyon at pagpapalikas ng mga maralitang-lunsod.

Susuriin ng IPT ang papel ng lumalaking panghihimasok sa pulitika, ekonomya at militar ng US. Kabilang sa mga idudulog sa korte ang kaso ng pagpaslang ni US Marine Joseph Scott Pemberto noong Oktubre 2014 sa Pilipinang *transgender* na si Jennifer Laude.

Isinagawa sa Unibersidad ng Pilipinas noong Marso 12 ang pampublikong paglulunsad ng IPT. Nagsalita sa pamamagitan ng internet si Rev. Canon Barry Naylor, tagapangulo ng International Coalition for Human Rights in the Philippines at isa sa mga convenor ng IPT. Nagsalita din sa pamamagitan ng *video call* ang isa pang *convenor* ng IPT, si Jeannie Mirer na pangulo ng IADL, na nagpakita ng malaking epekto ng iba pang hukuman ng mamamayan tulad ng Bertrand Russel Tribunal na nag-imbestiga sa mga pang-aabuso ng US sa Digmaang Vietnam noong 1966 at 1967.

Ihaharap ang hatol at mga ebidensyang nakalakap ng tribuna sa iba't ibang ahensyang pandaigdig tulad ng UN. AB